Republika Ng Pilipinas Kalakhang Maynila
Pamahalaang Lungsod ng Navotas
Sangguniang Barangay
BAGUMBAYAN SOUTH
M. Naval Corner Taganahan St., Brgy. Bagumbayan South, Navotas City
Telephone No. 351-5739

BARANGAY PROFILE

Ang Pamahalaang Barangay ay binubuo ng mga opisyal na halal ng taong bayan upang manungkulan simula Disyembre, 2010 hanggang 2013. At ang mga napili upang maging huwaran sa pamamagitan ng tapat na panunungkulan sa Barangay ay ang mga sumusunod:

Kgg. Gregorio C. Dela Cruz
Punong Barangay

Mga Kagawad:
Kgg. Joseph P. Calma
Kgg. Florencio M. Diño Jr.
Kgg. Alfhie A. Teodoro
Kgg. Ernesto P. Tolentino Jr.
Kgg. Alberto S. Basilio
Kgg. Alejandro A. Provido Jr.
Kgg. Rodolfo T. Garcia

Jacqueline R. Peña
Ingat-yaman

Roanne Joyce Grimes
SK - Chairwoman

Mga Kagawad:
Kgg. Jaycee Francisco
Kgg. Jayron Buenaventura
Kgg. Marvelyn Flores
Kgg. Nicole Provido
Kgg. Aljon Boral
Kgg. Jennifer Tacorda
Kgg. Mary Joy Ilagan

Janine I. Sulit
Kalihim

I. Anyo ng Barangay

Ang Barangay ng Bagumbayan South ay isang maliit na barangay na nasasakop ng bayan ng Navotas sa may gawing Timog Kanluran ng Kalakhang Maynila, ito ay may sukat ng kalupaan na umaabot sa 0.55 kilometro na nasa gilid ng baybaying-dagat.

Ang aming barangay ay masasabi naming patungo sa paghakbang tungo sa kaayusan at kagandahan.

Mayroon kaming Brgy. Jeep Patrol na nagagamit kung sakaling may emergency na isusugod sa ospital. at meron din kaming brgy. Ambulance sapagka't ito'y kailangan pang iparehistro at ipa kumpuni.

II.Pangkabuhayan

Pangingisda ang pangunahing hanap-buhay sa aming lugar, pamamasukan sa consignacion araw at gabi ang trabaho dito, pagtitinda ng isda sa iba't ibang palengke sa Metro Manila at pagbabagoong pag panahon ng alamang.

III. Katayuang Panlipunan

Base sa Census noong 1990 ang Barangay Bagumbayan South ay may populasyon na 3,590 para sa lawak na 0.55 sq.km., kaya't maituturing sa buong bayan ng Navotas na ang Barangay Bagumbayan South ay isa sa pinaka maliit na barangay.

Noong 1995 Census ang populasyon ng Barangay ay nadagdagan ng tatlong porsyiento (3%) na umabot sa 4,397. Na habang dumarami at lumalaki ang populasyon dito sa aming barangay ay lalong lumalaki at bumibigat ang responsibilidad na nakaatang sa mga taong nanunungkulan sa aming barangay.

IV. Edukasyon

Masasabing may mataas na bilang ng mga nakapagaral na mamamayan dito sa barangay Bagumbayan South. Mas mataas ang porsyento ng marunong bumasa at sumulat, Kahit na ang karamihan ay hindi nakatungtong sa kolehiyo.

Ang tanging maituturing na paaralan na matatagpuan dito sa aming barangay ay isang Day Care na para sa mga bata na may edad na 3 hanggang 5 taong gulang.

Ang karamihan sa mga kabataan na may edad 7 hangang 12 taon ay nasa Elementarya, at ang mga kabataan na may edad na 13 hanggang 16 na taon ay nasa Sekondarya ay nag-aaral sa mga karatig barangay na mayroong pampublikong paaralan.

Sa labing-apat (14) na barangay sa buong bayan ng Navotas, isa ang Barangay Bagumbayan South sa kapos at nangangailangan ng pampublikong paaralan para sa aming mamamayan, partikular sa mga kabataan, at para sa mga susunod pang henerasyon na makakatulong at magpapatuloy ng aming magandang simulain para sa aming barangay.

Ngunit kami ay hindi nawawalan ng pag-asa na kami ay magkaroon ng isang maliit at maayos na pampublikong paaralan sa tulong ng ating butihing alkalde na si Kgg. JOHN REYNALD M. TIANGCO ito ay isang paaran upang mabigyan ng pansin ng mga pinuno ng bayan na makapag-aral ang lahat ng kabataan, ito ay matutugunan kung ito po ay mapag-uukulan ng karampatang pondo, para sa isang maliit na paaralan ng ating Punong bayan at ng Sangguniang Bayan, upang mabigyan ng karunungan ang lahat ng kabataan hindi lamang dito sa aming barangay.

V. Pabahay

Ang masasabing may maayos na pamamahay ay yaong mga mangilan-ngilan na naninirahan sa sariling lupa at bahay, ito ay yaong mga lehitimong taga-rito na minana pa nila sa kanilang mga magulang, at ang ilan ay yaong may kaunting kabuhayan na nakatira sa mga apartment. Halos karamihan dito sa aming barangay ay nasa “depressed area”, kung mapapagawi ka sa may tabing-ilog at tabing-dagat ay makikita mo ang kahabag-habag na kalagayan ng kanilang paninirahan, ang lahat ng ito ay natitiis sa uri ng kanilang pamumuhay na nasa peligro ang mga buhay sa lahat ng uri ng kapinsalan sa sakit, hirap at sa anumang sakuna na dulot ng pinagtatrabahuhan na kanilang mga ikinabubuhay.

Sa kakulangang ng lupa na dapat pagtayuan ng pabahay para sa mga mamamayan ito ay isang malaking suliranin ng bawat namumuno dito sa aming barangay.

VI. Pangkalusugan

Ang isang maayos na paninirahan ng mga mamamayan sa “Depressed Area” ay hindi maiiwasan ang mga suliranin kagaya ng problema sa pangkalusugan.

Malaking kakulangan sa aming barangay ang isang pampublikong pagamutan o “Health Center” upang magkaroon dito at mabigyan lunas ang mga taong may karamdaman.

Sa kasalukuyan, ang Health Center ng aming Barangay ay nasa Brgy. Bagumbayan North na Health Center ng apat (4) na Barangay, Brgy. Bagumbayan North, Brgy. Bagumbayan South, Brgy. Navotas East at Brgy. Navotas West.

VII. Katahimikan at Kaayusan

Ang Barangay Bagumbayan South ay isa sa labing-apat na barangay na may pinakatahimik at maayos na lugar dito sa Bayan ng Navotas.

Ngunit may mangilan-ngilan pa rin na suliranin sa pangkatahimikan sanhi ng mga gumagamit ng ipinagbabawal na gamot.

Sa ngayon ang aming barangay ay may Dalawampu't Isang Barangay Tanod at isang Executive officer na tumutulong at nagsusumikap na mapanatili ang katahimikan at kaayusan dito sa aming barangay.

VIII. Infrastructures and Utilities

Ang kasalukuyang pamunuan ay gumagawa ng hakbang upang matugunan ang lahat ng bagay at pangangailangan ng aming mamamayan katulad ng mga palaruan dito sa aming barangay.

Ang lahat ng pagsusumikap ay tungo sa pagkakaroon ng isang maganda at maayos na bukas.

Sa ngayon ay malaki ang bilang ng mga tahanan dito sa aming barangay na nabibigyan ng serbisyo ng Meralco na nangangasiwa sa usapin ng elektrisidad, halos lahat ay may sariling kontador sa kanilang tahanan.

May pasilidad na rin ang komunikasyon dito sa aming barangay, may linya na ang PLDT. Ang tubig din ay hindi na problema sa aming barangay dahil sa maayos na serbisyo ng Maynilad.

Ang katatagan ng Barangay Bagumbayan South sa Bayan ng Navotas sa usapin ng Pulitika at Panlipunan ay bunga ng matatag at matapat na mga pinuno sa panunungkulan sa ngayon sa ilalim ng pamumuno ni Punong Barangay ***GREGORIO C. DELA CRUZ*** kasama ang kanyang konseho.

Ang Barangay Bagumbayan South ay magkakaroon ng ibayong pagbabago at kaunlaran para sa kaniyang mga kababaryo.

Sa ngayon meron ng pumping station sa aming lugar kung kaya't naiwasan na ang pagbaha. Meron nito sa Taganahan St. (Tabing-Ilog) at Taganahan St. (Tabing-Dagat).

Sa ngayon ay nagkaroon na ng street lights sa kahabaan ng Taganahan St. Tabing-ilog, Tabing-dagat at 100 Int. St., meron paring mangilan-ngilan na eskinita na kailangan narin lagyan ng ilaw.

Ang hangarin ng buong Sangguniang Brgy. ng Bagumbayan South ay tunay na pagbabago tungo sa magandang kinabukasan.

MGA BATAS

"CURFEW HOURS"

Ang mga batang may edad 17 na taong gulang pababa ay hindi pinahihintulutan na gumala sa pagitan ng ika-10:00 ng gabi hanggang kinaumagahan upang mailigtas sila sa kapahamakan at kaguluhan.

"BAWAL MAGTAPON NG BASURA SA MGA HAYAG NA LUGAR"

Ipinagbabawal din ang pagtatapon ng basura sa mga hayag na lugar, sapagkat ang Sangguniang bayan ngayon ay may Ordinansang Pambayan na kung saan ay mayroong iskedyul ang pagtatapon ng basura sa bawat barangay at iniiwasan ang pagtatambak ng basura sa mga kalye at tabing-daan upang mapanatili ang kalinisan at makaiwas sa sakit ang mga residente dito.

"BAWAL MAG-INUMAN SA KALYE"

Ito ay ginawa upang maiwasan ang pagpupulong ng grupo ng mga kalalakihan na nag-iinuman sa kalye at tabing-daan. Dahil ito ang isa sa pinagsisimulan ng kaguluhan at sakitan ng kung saan ay nadadamay ang ilang inosenteng tao at nawawalan ng disiplina ang mga nag-iinuman ng alak. Tanging pinahihintulutan lamang ang mga nagdiriwang ng okasyon gaya ng kasalan, binyagan kaarawan, etc. kung sila ay hihingi ng permit mula sa Punong Barangay.

Ang mga suliraning ito ang siyang tinututukan ng mga opisyal ng mga barangay na mapigilan at kung maaari ay matigil/mahinto upang ang barangay ay maging isa sa pinakadisiplinado at pinakamapayapang barangay sa Navotas.

MITHIIN

Maging isang maunlad, tahimik, malinis at makatarungang barangay, matulungan ang mahihirap na pamilya sa komunidad para maitaas ang uri ng kanilang pamumuhay, mabigyan ng sapat na serbisyo sa kalusugan, pabahay at edukasyon.

Suliranin at katayuan

May mangilan-ngilan parin na mga eskinita na madilim tuwing sasapit ang gabi.

Mithiin

- Maging maliwanag sa mga eskinita lalo na sa gabi upang maiwasan ang mga kabataan doon gumamit ng mga ipinagbabawal na gamot, at para maiwasan din ang iba pang mga problema.

Layunin

- Malagyan ng mga ilaw ang lugar na madidilim.

Target

- Paglalagay ng ilaw sa mga lugar na madidilim.

Suliranin at katayuan

Dahil ang mamamayan ng Barangay Bagumbayan South ay nakatira sa “Depressed Area” na kung saan ay dikit-dikit at at masyadong mapanganib. Kapag nagkaroon ng hindi inaasahang pangyayari tulad ng sunog.

Mithiin

- Matulungan ang mahihirap na mamamayan ng Bagumbayan South sa oras ng panganib.

Layunin

- Magkaroon ng mga kagamitan na maaaring gamitin para sa pamatay sunog.

Target

- Fire pump

Suliranin at katayuan

Marami sa ating mga kababaryo ang nagtatapon ng mga basura sa hayag na lugar.

Mithiin

- Upang luminis ang kapaligiran at maging maganda sa paningin ng bawat mamamayan kailangan maglagay ng basurahan.

Layunin

- Magkaroon ng disiplina ang mga tao na magtapon sa tamang tapunan at magtapon sa tamang oras.

Target

- Malagyan ng mga basurahan sa bawat kanto.

Suliranin at katayuan

Ang pagkakaroon ng suliranin sa pangkalusugan at malnutrisyon ang mga bata ay sanhi ng kakulangan sa pagkain at kaalaman tungkol sa kalusugan at ito rin ay dulot ng maruming kapaligiran.

Mithiin

- Mabigyan ng mga pag-aaral na may kaugnayan sa pangkalusugan at magkaroon ng isang pampublikong pagamutan o multi-purpose center na siyang mangangasiwa sa kalusugan ng mga mamamayan.

Layunin

- Magkaroon ng mga pag-aaral na may kinalaman sa pangkalusugan.
- Makapagpatayo ng isang multi-purpose center na maglilingkod sa mga mahihirap na mamamayan.
- Makapagpatayo ng isang Public Toilet para sa pangangailangan ng aming mamamayan sa pagkat ang ibang bahay ay walang C.R.

Target

- Construction of Health Center or Multi-Purpose Center.
- Intensive nutrition education and Information Campaign.
- Construction of Public-toilet.